MGA KATOTOHANAN SA PASANIN SA TABAKO PILIPINAS

Niratipikahan ng Pilipinas ang WHO Framework Convention sa Tobacco Control noong Hunyo 6, 2005.

PAGKONSUMO NG TABAKO

- Sa mga adult (edad 15+), 23.8% ng mga Filipino ay gumagamit ng mga produktong tabako, kabilang ang 41.9% ng kalalakihan at 5.8% ng kababaihan.[1]
  - 22.7% ang naninigarilyo (40.3% ng kalalakihan at 5.1% ng kababaihan).
  - 1.7% ay gumagamit ng tabakong walang usok (2.7% ng kalalakihan at 0.7% ng kababaihan).
- Sa kabataan (edad 13–15), 16% ay gumagamit ng mga produktong tabako (mga lalaki 22.2%; mga babae 10.4%).[2]
  - 12% ang naninigarilyo, 3.4% ang gumagamit ng ibang produktong tabako, at 2.5% ang gumagamit ng walang usok na produktong tabako.

PAGKALANTAD SA SECONDHAND SMOKE

Walang ligtas na lebel ng secondhand smoke.[3]

- 21.5% ng mga adult (edad 15+) na nagtatrabaho sa loob ay nalalantad sa secondhand smoke sa lugar ng trabaho, 21.9% ng mga adult ay nalalantad sa mga restawran, at 37.6% sa pampublikong transportasyon.[1]
- 54.2% ng kabataan (edad 13–15) sa Pilipinas ay nalalantad sa secondhand smoke sa mga pampublikong lugar, at 38.3% ay nalalantad sa bahay.[2]

MGA KAHIHINATNAN NG KALUSUGAN

Nakamamatay ang tabako. Pinapatay ng tabako ang kalahati ng mga gumagamit nito.[4]

- Halos 111,000 na Pilipino ang namamatay kada taon dahil sa sakit na may kaugnayan sa tabako.[5]
- Ang halos 21.8% ng mga kalalakihang namamatay at 9.7% ng mga kababaihang namamatay sa Pilipinas (16.6% sa kabuuan) ay dahil sa tabako.[5]

GASTUSIN SA LIPUNAN

Malaki ang gastusin ng lipunan para sa tabako.

- Ang gastos pang-ekonomiya na patungkol sa paninigarilyo noong 2012 ay tinatayang mahigit sa 269.3 bilyon PHP, katumbas ng 2.5% ng GDP sa taong iyon.[6]
  - Sa kabuuang gastusing ito, ang 23.1 bilyon PHP ay gastusing sa kalusugan na may kinalaman sa paninigarilyo, o 4.9% ng kabuuang gastusin ng bansa sa kalusugan.

PAGGAMIT NG ADULT NG TABAKO (EDAD 15+)



PINAGMULAN: GATS, 2015

PAGGAMIT NG TABAKO NG KABATAAN (EDAD 13–15)



PINAGMULAN: GYTS, 2015

PAGKALANTAD NG ADULT SA SECONDHAND SMOKE (EDAD 15+)



PINAGMULAN: GATS, 2015

1. Philippines Global Adult Tobacco Survey (GATS) 2015. Centers for Disease Control and Prevention; 2017. Available from www.cdc.gov/tobacco/global/gtss/ **2.** Philippines Global Youth Tobacco Survey (GYTS) 2015. Centers for Disease Control and Prevention; 2017. Available from www.cdc.gov/tobacco/global/gtss/. **3.** U.S. Department of Health and Human Services. The Health Consequences of Involuntary Exposure to Tobacco Smoke: A Report of the Surgeon General. Atlanta: Centers for Disease Control and Prevention; 2006. Available from: www.cdc.gov/tobacco/data_statistics/sgr/2006/index.htm. **4.** World Health Organization. Tobacco: Key facts. Updated July 26, 2019. Available from www.who.int/news-room/fact-sheets/detail/tobacco. **5.** Global Burden of Disease (GBD) 2017. Seattle, WA: Institute for Health Metrics and Evaluation (IHME), University of Washington; 2020. Available from: vizhub.healthdata.org/gbd-compare/. **6.** Goodchild M, Nargis N, Tursan d'Espaignet E. Global economic cost of smoking-attributable diseases. Tobacco Control. 2018;27:58-64.